# Hindi magdarasal ang isa sa inyo sa iisang damit habang sa ibabaw ng mga balikat niya ay walang anuman."}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Hindi magdarasal ang isa sa inyo sa iisang damit habang sa ibabaw ng mga balikat niya ay walang anuman."}
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Sumaway ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa sinumang nagsasagawa ng ṣalāh sa iisang damit na mag-alis siya sa mga balikat niya ng takip sa pagitan ng dulo ng balikat at leeg, sa paraang hindi siya naglalagay sa mga ito ng anumang nagtatakip sa mga ito, dahil ang pagtatakip sa mga balikat, kahit pa ang mga ito ay hindi `awrah, ay higit na posible sa pagtatakip sa `awrah. Ito ay higit na malapit sa pagpipitagan kay Allāh (napakataas Siya) at pagdakila sa Kanya sa sandali ng pagtindig sa harap Niya sa ṣalāh.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee